REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-104**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PASASALAMAT ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA KAY INHINYERO EUGENIO D. MANALO, DIREKTOR, NATIONAL CAPITAL REGION (NCR), KAGAWARAN NG PAGGAWAIN AT LANSANGANG BAYAN.**

---

**SAPAGKAT, sa kabuuan ng unti-unting kaunlaran na nangyayari sa Bayan ng Muntinlupa ay malaki ang naitulong ni Inhinyero Eugenio D. Manalo;**

**SAPAGKAT, sa kabuuan ng panunungkulan ni Inhinyero Manalo, bilang Direktor ng NCR, Kagawaran ng Paggawain at Lansangang Bayan ay ipinamalas niya ang pakikisama at pakikipagtulungan sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa upang maging kabahagi para sa pagpapabuti at pagsulong nito sa pamamagitan ng mabilis na pagsasakatuparan ng mga proyekto o pagawaing bayan sa Muntinlupa na nasa ilalim ng kanyang tanggapan;**

**SAPAGKAT, ang mga gawaing pambayan tulad ng pagsasaayos ng mga lansangan ay mabilis na napatupad sa pamamagitan ng masipag at pagbibigay ng kaukulang aksiyon ni Inhinyero Eugenio D. Manalo;**

**SAPAGKAT, ang mabilis na pagkakagawa at pagkakaayos ng mga lansangan ay nagdulot ng kaginhawahan at karagdagang kita sa mga mangangalakal sanhi ng mabilis na naipararating at nadadala ang kanilang mga paninda o kalakal sa mga mamimili;**

**SAPAGKAT, maraming mga silid-aralan ang naitayo upang matanggap ang dumaraming nagsisipag-aral sa Muntinlupa sa panahon ng kanyang panunungkulan.**

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na pasalamatan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa si Inhinyero Eugenio D. Manalo, Direktor, National Capital Region (NCR), Kagawaran ng Paggawain at Lansangang Bayan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang animnapung (60th) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-5 ng Hunyo, 1989

Kgg. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN :**

**RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY: Hunyo 5, 1989**